

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 30, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ay Magkakaloob ng 1,000 Libreng Face Shield sa mga Restawran ng Long Beach

Long Beach, CA - Ngayon, inaanunsyo ng Lungsod ng Long Beach ang isang libreng programa upang magbigay ng hanggang sa 1,000 shield sa mukha sa mga restawran na naka base sa Long Beach. Ang Utos sa Kalusugan na naipatupad kagabi, Mayo 20, ay nanghihiling na ang mga server sa mga restawran ay magsuot ng parehong panakip sa mukha at shield sa mukha, upang mapalawak ang proteksyon para sa kapwa empleyado at patron. Dahil alam nito na maaaring walang access ang mga restawran sa mga shield sa mukha ngayong linggo, mabilis na bumuo ng libreng programa ang Lungsod.

“Nais naming bigyan ng aming mga restawran at manggagawa ng proteksyon na kinakailangan nila,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Patuloy kaming magpapatupad ng mga programa upang matulungan ang aming maliliit na negosyo.”

Dahil hindi nakasuot ng panakip sa mukha ang mga patron sa restawran habang kumakain, ang panganib ng pagkakahawa papunta at mula sa mga server ay mas mataas, at ang kombinasyon ng pagsuot ng panakip ng mukha na may kasamang shield sa mukha ay magbibigay ng karagdagang proteksyon.

Ang mga shield sa mukha ay kinakailangan din sa Order ng Kalusugan ng County ng Los Angeles at mas mahigpit kaysa sa ibang nakapalibot na county dahil sa mas mataas na bilang ng mga kaso sa County ng Los Angeles. Nagpatupad ang Long Beach ng parehong requirement tulad sa Los Angeles, dahil ang variance ng Estado na pumapayag sa mga restawran na sumulong ay batay sa county-wide na pag-apruba ng hurisdiksyon sa kalusugan.

Ang mga kinatawan ng restawran ay maaaring mag-pick-up ng mga shield sa mukha sa lote ng paradahan ng Long Beach Fire Department Headquarters na matatagpuan sa 3205 Lakewood Boulevard. Ang mga panakip ng mukha ay limitado sa lima bawat lokasyon, at maaaring kunin ng sinumang unang makarating. Ang mga kinatawan ng ay kailangang magbigay ng kanilang pangalan at pangalan ng restawran.

Ang mga shield ay maaaring ma-pick-up ngayon, Sabado, Mayo 30, mula 1 p.m hanggang 4 p.m. bukas, Linggo, Mayo 31, mula 10 a.m. hanggang 1 p.m.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###